



## WORD

<sup>14</sup>Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya. . . .

<sup>16</sup>Sa kasaganaan ng kanyang biyaya ay tumanggap tayong lahat ng sunud-sunod na pagpapala. JUAN 1:14,16

## WHAT

May ibang nagtuturo na ang paraan upang maging kalugod-lugod ka sa diyos-diyosan ay ang paggawa ng mabuti. Ngunit ang biblika na pananampalataya ay nagtuturo na ang Diyos ay mapagbigay-loob sa simula at hanggang sa huli. Siya na rin ang nagkusa na abutin tayo, makibagay sa atin, at patuloy tayong pagpalain.

### 1 Ang Diyos ang umabot sa atin.

<sup>1</sup>Bago pa man likhain ang lahat, naroon na ang tinatawag na Salita. Ang Salita ay kasama ng Diyos at ang Salita ay Diyos. . . .

<sup>14</sup>Nagkatawang-tao ang Salita . . . JUAN 1:1,14

Lahat tayo ay may salang pagsuway laban sa Diyos (Roma 3:10-18) at dapat lang na kapoutan Niya (Efeso 2:3). Sa madaling salita, hindi naman Niya tayo dapat iligtas. Gayunman, si Jesus ay naparito sa lupa, ipinakilala ang Ama (Hebreo 1:1,2), at namatay sa krus para sa atin (Roma 5:8). Ang Kanyang muling pagkabuhay ang naging pamalit sa gawang tayo'y mapawalang-sala mula sa ating mga pagkakasala (Roma 4:25). Sa palagay mo, papaano naipagpapatuloy ng Diyos ang pag-abot sa iyo?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....

### 2 Ang Diyos ay nakibagay sa atin.

. . . at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya. JUAN 1:14

Si Jesus ay siyento por siyento na Diyos at tao (Filipos 2:7). Sa kabila ng Kanyang katayuan, mas pinili ni Jesus ang makilala Siya sa Kanyang pagkatao—ang ating Punong Saserdote na malawak ang kaalaman sa ating mga pinagdaraan (Hebreo 4:15) ngunit nanatiling walang bahid. Ano ang ibig sabihin ng katotohanang ito sa iyo? Papaano ito makakatulong sa iyong paglapit kay Jesus?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....

### 3 Ang Diyos ang nagbibigay ng sunod-sunod na pagpapala.

Sa kasaganaan ng kanyang biyaya ay tumanggap tayong lahat ng sunud-sunod na pagpapala. JUAN 1:16

Ang pinakalubos na pagpapahayag ng biyaya ng Diyos ay ang kaligtasan. Ito na rin ang dahilan na mas kapanipaniwala na mas maraming mga pagpapala na naibigay sa atin. Kailangan mo ng kagalingan? Kaya itong ibigay ng Diyos at nais Niyang pagalingin ka! Kailangan mo ba ng kapayapaan sa iyong pakikipag-ugnayan? Bukal sa Kanyang kalooban na ibigay din sa iyo ito! Anong katiyakan ang hatid sa atin ayon sa Roma 8:32?

.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....